

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang BIG Brampton artist space survey

BRAMPTON, ON (Agosto 23, 2021) – Ang [Arts, Culture & Creative Industry Development Agency](#) (ACCIDA) ng Lungsod ng Brampton ay humihiling sa mga lokal na artist at mga organisasyon ng sining na sagutan ang [BIG Brampton Artist Space Survey](#) para magbigay ng feedback sa pag-access sa abot-kayang espasyo sa buong lungsod. Ang access sa espasyo para lumikha, magpresenta, magpapadali sa mga workshop, mag-set up ng mga tanggapan, mag-display at magbenta sa trabaho ay napakahalaga sa pagkamalikhain at tagumpay ng komunidad ng sining ng Brampton, lalo na ang sektor ay mukhang nakakabawi mula sa COVID-19.

Ang BIG Brampton Artist Space Survey ay available hanggang Biyernes, Setyembre 24. Ang bawat isa na lumalahok ay ipapasok para manalo ng \$100 gift certificate sa Curry's Art Supplies at hinihikayat na sumali ang lahat ng artist at mga organisasyon sa sining.

Ang ACCIDA ay isang natatanging organisasyon na nag-incubate sa ilalim ng pokus ng Lungsod ng Brampton sa paglago, pagpaparangal, pagtataguyod para sa at pagkonekta sa sector sa pamamagitan ng sari-saring mga programa, serbisyo at mga resource. Ang feedback mula sa komunidad ng sining ay tutulong sa paggabay sa programa at mga suporta, kabilang ang pangangailangan para sa creative na espasyo.

Nagho-host ang ACCIDA ng online na Artist Community Roundtable para pag-usapan ang espasyo para sa mga artist sa Huwebes, Agosto 26 mula 6:30 hanggang 8 pm. Ang libreng event na ito ay magpapasama-sama sa panel ng mga eksperto kabilang ang mga kinatawan mula sa Planning at Urban Design teams ng Lungsod ng Brampton, mga researcher at mga producer ng teatro para pag-usapan kung paano masusuportahan ang mga komunidad at espasyo ng artist. Para sa mga detalye at para magpa-register, bisitahin ang accida.ca

Mga Quote

“Ang ACCIDA ay gaganap ng mahalagang papel sa paghubog at pagsuporta sa eksena ng sining at kultura ng Brampton. Napakahalaga ang pagkolekta sa feedback na ito para suportahan ang mga artist at mga organisasyon sa sining sa pag-abante para mas mapapalakas natin ang ating mapanlikhang komunidad. Hinihikayat ko ang lahat na makilahok at iparinig ang boses nila!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Excited ako na makita ang ACCIDA na inumpisahan ang kanilang trabaho sa komunidad ng sining. Ang kanilang bisyon na lumikha ng maunlad, tiwala, at ang pinapahalagahang creative na eksena ay ambisyoso at magiging napakahalaga sa lungsod at sa araw-araw na mga buhay ng mga residente at mga negosyo.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang industriya sa Arts, Culture at Creative ng Brampton ay isang napakahalagang parte sa ating masiglang Mosaic na lungsod. Ang kanilang trabaho ay makakatulong sa ating mga lokal na artist at mga organisasyon sa sining para maipaglalaki nilang tawaging tahanan ang Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa KomunidadStrategic
na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca